
Senior High School

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 10: Kakayahang Komunikatibo ng mga Pilipino



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_KPWKP SHS
Module 10

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Pambungad sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 10: Kakayahang Komunikatibo ng mga Pilipino**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat**: Ruben S. Montoya
**Editor**: Jonathan F. Bernabe
**Tagasuri**: Elisa N. Lajera, Perlita E. Dela Cruz, Maribeth C. Rieta
Nerlito M. Del Mundo, Julie Anne V. Vertudez
**Tagaguhit**: Romdel F. Partoza
**Tagalapat**: Leonila L. Custodio
**Tagapamahala**: Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Rommel C. Bautista
Galileo L. Go
Randy D. Punzalan
Elpidia B. Bergado
Noel S. Ortega
Maribeth C. Rieta

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan- Modyul 10: Kakayahang Komunikatibo ng mga Pilipino

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*


Ang iyong isasagawang pag-aaral gamit ang modyul na ito ay tutugon sa dapat mong malaman at matutuhang kasanayan. Ito ay batay sa sumusunod:

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan o talakayan batay sa kausap, pinag- uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan **F11PS-IIe-90**

**Layunin:**

- Napipili ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan o talakayan batay sa kausap, pinag-uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan
- Napapahalagahan ang paggamit ng rehistro ng wika sa lipunan
- Nakabubuo ng pangungusap gamit ang mga angkop na salita batay sa kausap, pinag-uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan



***Subukin***

Tukuyin ang gamit at paraan sa paggamit ng mga salita batay sa kausap, pinag-uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan nito.

1. Ang mga magsasaka ay maagang lumulusong sa bukid upang hindi gaanong mainit ang kanilang pagtatrabaho, samantalang ang mga manggagawa sa Maynila ay lumulusong rin sa baha bago makarating sa opisina.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

2. Gabi na kami nakauwi kahapon dahil nagkaroon pa ng *flag retreat*, kaya hindi ko na naabutan ang gabi sa sinigang ni nanay.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

3. "Nagtataka ang Mudra ko kagabi kung bakit hindi na naman ako kumakain sa bahay, paano kasi hindi kaagad pumayag ang nanay mo na umalis kami nang hindi kumakain. Ang sarap n'ya palang magluto, isa sya talagang huwarang ina ng tahanan".
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. grupong kinabibilangan

4. Simple lang ang aming balay, hindi tulad ng bahay n'yo na mala-mansyon.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. grupong kinabibilangan

5. Hayan malamig na naman ang kape mo, kasing lamig ng pag-ibig mo sa kanya.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa layunin
   d. batay sa kausap

6. Ang init sa magdamag ay kusang lumalaho kapag ang init ng ulo ang pumalit bunga ng pagpapaala-ala mo sa inyong nakaraan ng iyong *ex*.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa layunin
   d. batay sa pinag-uusapan

7. Bitiwan mo na siya kung hindi ka na masaya at bitiwan mo na rin ang patalim baka tuluyang maisaksak mo yan sa sarili mo.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa layunin
   d. batay sa pinag-uusapan

8. "Mam, sir heto po ang upuan umupo po kayo at medyo malayo pa po ang ating lalakbayin", ito ang madalas na maririnig mo kay Kuya Nato tuwing umaga dahil halos mga empleyado ang kanyang pasahero. Subalit pagsapit ng hapon at mga estudyante ang kanyang sakay ay ito ang maririnig mo sa kanya, " kaunting isud-isod, maluwag pa sa gitna" na meron pang kaunting pasigaw.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa layunin
   d. batay sa pinag-uusapan

9. Tukuyin kung saan nakarehistro/*register* ang mga salitang may salungguhit. Mukhang nangangailangan ng malaking pondo ang pagpapatayo ng gusali na magiging bahay-tuluyan ng mga tao sa tuwing may kalamidad.
   a. Midya
   b. Medisina
   c. Edukasyon
   d. Inhenyera

10. Iwasan mo na ang pagpa-*foul*, mapapaaga ang pag-*graduate* mo n'yan.
   a. Medisina
   b. Edukasyon
   c. Palakasan
   d. Inhenyera

11. "O, ayan… sa susunod na sem hindi na ako ang guro n'yo…eh di tuwang-tuwa na kayo. Sana man lang may maala-ala kayo sa mga pinagsasabi ko na wala sa libro."
   a. Medisina
   b. Edukasyon
   c. Palakasan
   d. Inhenyera

12. Huwag mong kalilimutan na dalhin ang reseta ng doktor sa tuwing bibili ka ng gamot sa botika, mahigpit na sila ngayon lalo na kung *antibiotic* ang bibilhin mo.
   a. Midya
   b. Medisina
   c. Palakasan
   d. Edukasyon

13. Si Noli De Castro ay nagsimula bilang isang mamamahayag sa radyo at telebisyon bago pa siya naging pangalawang pangulo ng republika, patunay lamang ito na malayo ang mararating mo kung matiyaga ka sa ginagawa mo.
   a. Midya
   b. Palakasan
   c. Kalusugan
   d. Inhenyera

14. Buo ang loob ng testigo sa pagharap sa imbestigasyon kanina, hindi man lamang siya natinag sa mga katanungan ng abogado.
   a. Hustisya
   b. Kalakalan
   c. *Social Media*
   d. Lagay ng Panahon

15. Nakadudurog-puso ang sinapit ng mga taong ito nang mawasak ang bangka nila matapos banggain at iwanan sa gitna ng laot.
   a. Hustisya
   b. Kalakalan
   c. Pangingisda
   d. Lagay ng Panahon

**Aralin 10**

# Kakayahang Komunikatibo ng mga Pilipino

Mahalagang magkaroon ka ng kaalaman at kasanayan sa pagpili ng angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan o talakayan batay sa kausap, pinag- uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan.



## *Balikan*

Tukuyin ang mga salita batay sa gamit at grupong kinabibilangan nito. Ihanay ang mga salita batay sa rehistro nito.

*facebook* pataba pasukan pagsusulit bigas

*tik-tok* *COVID-19* isda *basher* *mobile legends*

*alcohol* bigas *social distancing* guro brigada eskuwela

*face mask* *distance-learning*

| **Kalusugan** | **Edukasyon** |
| --- | --- |
| **Register** | |
| **Agrikultura** | ***Social Media*** |

### *Mga Tala para sa Guro*



Matapos sagutan ang mga tanong, ihanda ang mga mag-aaral para sa susunod na bahagi ng modyul.

## *Tuklasin*

Bumuo o dugtungan ang mga pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan batay sa **kausap, pinag-uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan.**

1. Angkop na Salita at Paraan ng Paggamit ng Salita Batay sa **Kausap**

   Sitwasyon 1: Pakikipag-usap ni Gng. Reyes sa kapwa niya guro

   Pangungusap 1: "Hoy mare, mahirap pala ang sitwasyon natin ngayong *new normal*, aba eh hindi ka na makasaglit sa *mall* para mag-*milk tea*"

   Sitwasyon 2: Pakikipag-usap ni Gng. Reyes sa kanyang punongguro.

   Pangungusap 2: ____________________________________________

2. Angkop na Salita at Paraan ng Paggamit ng Salita Batay sa **Pinag-uusapan**

   Sitwasyon 1: Paggamit sa salitang <u>kanser</u> bilang mahina o pabuhat sa larong ML

   Pangungusap 1: Nakakaiyamot ka naman pare, isa kang kanser, talo tuloy tayo sa laro.

   Sitwasyon 2: Paggamit sa pangungusap ng salitang kanser na tumutukoy sa isang karamdaman.

   Pangungusap 2: ____________________________________________

3. Angkop na Salita at Paraan ng Paggamit ng Salita Batay sa **Lugar**

   Sitwasyon 1: Ang salitang diin sa Visayas ay may kahulugang "saan".

   Pangungusap 1: Diin ka man makagtu?

   Sitwasyon 2: Gamitin ang <u>diin</u> sa sitwasyong nagbibigay ng karagdagang lakas upang lumapat ang dalawang bagay

   Pangungusap 2: _____ ____________________________________________

4. Angkop na Salita at Paraan ng Paggamit ng Salita Batay sa **Panahon**

   Sitwasyon: Paggamit sa salitang ketong noon at unti-unting hindi na ginagamit sapagkat nawala na ang ganitong sakit.

   Pangungusap 1: Ang sakit na <u>ketong</u> ay isa sa kinakatakutang sakit na nag-umpisa pa noong 1873 at lumaganap sa bansa hanggang 1980's.

   Sitwasyon: Gamitin sa pangungusap ang salitang <u>*COVID-19*</u> dahil gamit na gamit ang salitang ito ngayon.

   Pangungusap 2: _____ ____________________________________________

5. Angkop na Salita at Paraan ng Paggamit ng Salita Batay sa **Layunin**

   Sitwasyon: Gagamitin sa pangungusap ang salitang "umuwi ka na" bilang pagtaboy.

Pangungusap 1: Umuwi ka na, kanina ka pa inom nang inom, daig mo pa ang mauubusan ng alak.

Sitwasyon: Gagamitin ang salitang "umuwi ka na" na mayroong layuning humikayat na umuwi.

Pangungusap 2 : ______________________________________________


6. Angkop na Salita at Paraan ng Paggamit ng Salita Batay sa **Grupong Kinabibilangan**

Sitwasyon: Gagamitin ang salitang embotido ng mga beki

Pangungusap: Agang-aga <u>embotido</u> na naman sya.

Sitwasyon: Gamitin ang embotido sa pangungusap bilang masarap na pagkain

Pangungusap 2: ______________________________________________



## *Suriin*

Ang tekstong ito ay nagpapakita ng angkop na salita at paraan ng paggamit ng salita batay sa **pinag- uusapan.** Unawain ang nilalaman ng teksto upang masagutan ang mga katanungan sa ibaba.

> Nagsimula na ang tag-ulan, pagdeklara ng *State Weather Bureau na Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration* <u>*(PAGASA)*</u> ngayong Martes.
>
> Sa isang *statement,* sinabi ng PAGASA na ang naitalang buhos ng ulan nitong nakaraang limang araw ang indikasyon na nag-umpisa na ang panahon ng tag-ulan.
>
> Makararans ang Metro Manila at ang kanlurang bahagi ng bansa ng panaka-naka hanggang tuloy-tuloy na buhos ng ulan kaugnay ng <u>*southwest monsoon.*</u>
>
> Maaari namang makaranas ng higit sa normal na pag-ulan sa susunod na dalawang buwan ng Hunyo at Hulyo.
>
> Inaasahang magiging mas maulan ang *rainy season* ngayong taon kumpara sa nakaraang dalawang taon, kung kailan nakaranas ang bansa ng <u>*El Niño*</u>*.*
>
> Maaaring 19 hanggang 20 bagyo ang pumasok ngayong taon sa <u>*Philippine area of responsibility*</u>*.*
>
> Pinayuhan ng PAGASA ang publiko na mag-ingat ngayong tag-ulan.
>
> *Mula sa: May 20, 2017 10:15am, Kim Atienza, ABS-CBN News*

1. Itala ang mga salitang may salungguhit. Ibigay ang kahulugan nito.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ano ang paksa ng tekstong binasa? Tungkol saan ang nilalaman nito?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Sino ang nagsasalita sa teksto? Para kanino ang nilalaman ng teksto?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. Saan nakarehistro ang mga salitang may salungguhit sa teksto?


______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. Batay sa iyong kasagutan sa mga naunang katanungan, Ano ang tinatawag na rehistro ng wika?

______________________________________________________________________


______________________________________________________________________



## *Pagyamanin*

Nagagamit sa komiks iskrip ang angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan o talakayan batay sa kausap, pinag-uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan. Isulat sa sagutang papel ang angkop na salita upang makabuo ng maayos na usapan.

Sitwasyon: Nagkita sina April at May. Pinag-uusapan nila ang pinakahuling ulat ng PAGASA tungkol sa lagay ng panahon.



## *Isaisip*

Narito ang paliwanang ukol sa pagpili ng angkop na mga salita at paraan ng paggamit nito sa mga usapan o talakayan batay sa:

1. **<u>kausap</u>**

   Paliwanag: Nag-iiba ang gamit at paraan o estilo ng paggamit ng wika depende sa kausap.

   Halimbawa: Iba ang estilo o pananalita maging salitang ginagamit ng isang guro kapag ang kausap ay punongguro. Iba rin estilo sa pagsasalita at gamit na salita kapag kapwa n'ya guro ang kausap. Lalong iba ang estilo at gamit na salita kapag estudyante ang kausap.

2. **batay sa pinag-uusapan**

   Sitwasyon: Nag-iiba ang kahulugan ng salita depende sa pinag-uusapan.

   Halimbawa: Ang kahulugan ng “*travel*” ay lakbay o paglalakbay kung ang pinag-uusapan nyo ay paglalakbay o bakasyon, subalit kapag ang pinag-uusapan ninyo ay basketbol, ang “*travel*” ay tumutukoy sa isang paglabag o *violation*.

3. **<u>lugar</u>**

   Sitwasyon: Ang salitang **banas** sa Quezon ay nangangahulugan ng inis o iyamot, subalit sa mga karatig lugar nito ang **banas** ay nagpapahayag ng mainit na panahon.

4. **panahon**

   Ang mga salitang ito ay sumibol at laging bukang-bibig noong panahon na ginagamit ito.

   Sitwasyon: Noong 80's hanggang 90's laging ginagamit ang luksong-tinik, tumbang-preso at syatong ng mga batang naglalaro, samantalang ngayon bukang-bibig ang ML at *on-line games*.

5. **layunin**

   Bawat grupong kinabibilangan ay may sariling paraan o estilo sa paggamit ng wika.


   Sitwasyon: Ang pagbibilang ng isang guro sa loob ng klase ang may layuning pabilisin ang ginagawa o pagpasa ng papel. Ang layunin nya sa isa, dalawa, tatlo ay hindi para magbilang o wala naman talaga siyang binibilang, kundi ito ay panuto.

   Sitwasyon: Ang mga doktor ay may sariling estilo o paraan sa pagsasalita at paggamit ng salita. Ang mga mangingisda ay mga salitang sila lang marahil ang nakauunawa. Maging ang mga tinatawag nating nasa ikatlong kasarian ay iba ang paraan sa paggamit ng wika o kaya naman ay may sarili silang wika.

Halimbawa:

1. Bibigyan kita ng reseta para sa sakit mo.
   Mahihinuhang salita ito ng doktor para sa kanyang pasyente
2. Lagyan mo ng pain ang kawil para meron kang mahuli.
   Mahihinuhang salita ito ng isang mangingisda para sa kanyang bagong kasama.
3. Ang sipag niya kasi. Ha-Gardo Versoza na ang hombre sa maghapong pamamasada.
   Mahihinuhang sinasabi ng isang lalaki na may pusong babae na tinatawag na *gay lingo* sa kanyang kausap na poging lalaki.


Ang estilo o pamamaraan sa paggamit ng salita ay tinatawag na **register.**



## *Isagawa*

Lagyan ng tsek (√) ang kahon na nagsasaad ng iyong saloobin at damdamin tungkol sa pahayag.

| Pahayag | oo | hindi |
|---|---|---|
| 1. Natutukoy mo ba kung ano ang nais sabihin sa iyo ng iyong kausap batay lamang sa tono nito? | | |
| 2. Mas mainam bang pasalita ang gagawing komunikasyon upang mas mapadali ang pagbibigay ng impormasyon sa mga tagapakinig? | | |
| 3. Mahalaga ba na alam mo ang layunin ng isang nagsasalita para maintindihan mo ang kanilang ipinapaliwanag? | | |
| 4. Nagagamit mo ba ang mga rehistro ng wika sa tuwing ikaw ay makikipag- usap? | | |
| 5. Dapat isaalang-alang ang kinabibilangan ng taong iyong kausap. | | |



## *Tayahin*

Tukuyin ang gamit at paraan sa paggamit ng mga salita batay sa kausap, pinag-uusapan, lugar, panahon, layunin at grupong kinabibilangan nito.

1. Si Rosa ang aming nag-iisang rosas sa pamilya na humaling na humaling sa mga rosas ni Aling Rosana.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

2. Hindi nila ramdam ang init ng araw dahil sa suot nilang vakul, samantalang tayo ay suot ang sombrero kahit nasa loob ng *mall*.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

3. “Bili, bili na po kayo d’yan, sariwa, malalaki, mataba at bagong hango ang aming tilapya”, subalit habang naririnig ang mga katagang iyan na isinisigaw ng aking ina ay sariwa pa rin ang sugat sa aking damdamin at hindi ko pa rin matanggap ang nagyari sa kanya.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

4. “ Ang haba naman ng bitin na iyan,” ang wika ni Roger na isang Bikolano na ang tinutukoy ay ang ahas. “Sa palagay ko’y bitin ang taling ito para mahuli natin ang ahas na iyan”, ang sambit naman ni Alfred.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

5. “Bawal ang lumiban sa kabilang ibayo,” ang wika ni Batang na isang Batangueno. Subalit sumagot si Anna sa kabilang linya at sinabing “hindi siya lumiban sa klase”.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

6. Gayak na ang lugar na pagdarausan ng salo-salo. Gayak na ang mga abay para sa kasal.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

7. Maliligo sana ako noon subalit walang tubig sa batalan, kaya pumunta pa ako sa balon bitbit ang balde at tabo. Ito ang mga alaalang natatawa na lang ako sa tuwing bumabalik sa aking alaala kapag ako’y nakapikit habang bumubos ang tubig galing sa *shower*.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

8. Ang bangkito ay isang maliit na salungpuwit na inuupuan noon.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

9. Bantayan mong maigi ang ading mo, naku kapag may mangyari diyan sa kapatid mo, lagot ka talaga.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

10. "Naku mam mababait po ang mga batang ito. Masunurin po sila at lagi po nilang pinananatili ang kalinisan at kaayusan sa loob ng silid-aralan," ang mahinahon at malambing na wika ni Gng. Delos Reyes sa aming punongguro. Subalit kapag kami na lamang ay ito ang maririnig mo sa kanya, "maglinis nga kayo ng silid at para na itong kulungan ng baboy".
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan


11. Nag-iiba ang kahulugan ng salita depende sa pinag-uusapan.
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

12. Sa panahon ng *new normal* ang ating pag-aaral ay *online* para sa may *internet connection, modular* para sa walang *gadget* sapagkat bawal na ang *face to face* dahil sa *COVID-19.*
   a. batay sa lugar
   b. batay sa kausap
   c. batay sa panahon
   d. batay sa pinag-uusapan

13. Hindi na n'ya nakikita ang kanyang jowa kaya halos maging krung-krung na siya.
   a. panahon
   b. lugar
   c. kausap
   d. grupong kinabibilangan

14. Ang mga salitang ito ay sumibol at laging bukang-bibig noong panahon na ginagamit ito.
   a. lugar
   b. kausap
   c. panahon
   d. grupong kinabibilangan

15. Ito ay tumutukoy sa gamit at paraan o estilo sa paggamit ng wika.
   a. Panghalip
   b. Balbal na wika
   c. Register o rehistro ng wika
   d. Mga pang-ugnay o *cohesive device*



## *Karagdagang Gawain*

Binabati kita dahil natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul. Dahil diyan, gusto kong maging handa ka sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo na kung ano nga ba ang madalas na maririnig na salita sa iba't ibang lugar batay sa iba't ibang sitwasyon.

## *Susi sa Pagwawasto*

| Tayahin | Isagawa | Subukin |
|---|---|---|
| 1. D | 1. Oo | 1. A |
| 2. A | 2. Hindi | 2. D |
| 3. D | 3. Oo | 3. D |
| 4. A | 4. Oo | 4. D |
| 5. A | 5. Oo | 5. C |
| 6. A | | 6. D |
| 7. C | | 7. D |
| 8. C | | 8. B |
| 9. A | | 9. D |
| 10. B | | 10. C |
| 11. D | | 11. B |
| 12. C | | 12. B |
| 13. D | | 13. A |
| 14. C | | 14. A |
| 15. C | | 15. C |

## *Sanggunian*


De Laza, Crizel. 2016. *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. Rex Book Store

Jocson, Magdalena O. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Vibal Group, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *